Hindi mahirap ang yaong tumatanggi sa isang dateles at dalawang dateles,at gayundin hindi ang [tumatanggi] sa isang subo at dalawang subo,Ngunit ang tinatawag na mahirap ay yaong hindi humihingi [sa kanyang paangangailangan]

Ayon kay Abe Hurayrah-malugod si Allah sa kanya-Haduth na Marfu: ((Hindi mahirap ang yaong tumatanggi sa isang dateles at dalawang dateles,at gayundin hindi ang [tumatanggi] sa isang subo at dalawang subo,Ngunit ang tinatawag na mahirap ay yaong hindi humihingi [sa kanyang paangangailangan].
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ipinapaliwanag sa Hadith na ito kung sino ang tunay na mahirap,At tunay na ang mabuting mahirap ay kabilang sa mga karapat-dapat na tumanggap ng kawanggawa,at ang higit na nangangailaangan sa kanila ay yaong hindi humihingi [sa kanyang pangangailangan].Datapuwat ikinaila niya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang mga mahihirap na siyang nanghihingi at palaboy-laboy,sapagkat dumarating sa kanya ang sapat sa kanya,at maaaring dumating sa kanya ang Zakat,at maaalis sa kanya ang katangian niya,ngunit ang mga taong nananatili sa kanya ang pangangailangan,ay yaong mga taong hindi humihingi at hindi nagmamaka-awa ngunit siya ay nabibigyan.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3141